

Sa taong tumanggap ng Notipikasyon ng Pagsisimula ng Proseso ng Beripikasyon (Kumpirmasyon ng Intensyon ng Taga-angkat atbp.) (para sa taga-angkat)

Nakatakda sa batas bilang "Kargadang Ipinagbabawal na Iangkat" ang mga kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian.

Kung natuklasan sa inspeksyon ng customs ang kalakal na maituturing na lumalabag sa intelektwal na ari-arian, tinatawag na "Proseso ng Beripikasyon" ang proseso upang maberipika ng customs kung sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian o hindi ang kalakal na iyon.


Ang notipikasyong ipinadala sa inyo ngayon ay paunawa na magsisimula ang Proseso ng Beripikasyong ito.

Itutukoy bilang kargadang ipinagbabawal na iangat ang kalakal na naberipikang sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian ayon sa resulta ng Proseso ng Beripikasyon, at hindi ito maaaring iangat.

1. Larawan ng Proseso ng Beripikasyon

"Notipikasyon ng Pagsisimula": Tinutukoy nito ang Notipikasyon ng Pagsisimula ng Proseso ng Beripikasyon (Kumpirmasyon ng Intensyon ng Taga-angkat atbp.) (para sa taga-angkat) (Customs Form C No. 5811). Ganito rin para sa mga sumusunod.

"Notipikasyon ng Deadline": Tinutukoy nito ang Notipikasyon ng Deadline ng Pagsusumite ng Ebidensya / Opinyon (para sa taga-angkat atbp.) (Customs Form C No. 5820). Ganito rin para sa mga sumusunod.



(Paunawa) Mababago ang daloy ng Proseso ng Beripikasyon at batayan ng beripikasyon ng customs ayon sa kung aktibo ninyong igiit na hindi kargadang ipinagbabawal na iangat (hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian).

Dahil ipapalagay ng customs bilang desbentaha para sa inyo ang pangyayaring hindi kayo nagsumite ng kasulatan ng pahayag na lalaban o kasulatan ng opinyon / ebidensya, lalaki ang posibilidad na maberipikang sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian.

2. Tungkol sa Pahayag (Pahayag na Lalaban) na Hindi Sumasailalim sa Kargadang Ipinagbabawal na Iangkat ang Kargada

(1) Kung hindi magpapahayag na lalaban

Beberipikahin ng customs kung sumasailalim o hindi sa kargadang ipinagbabawal na iangat batay sa petisyon para sa pagtigil ng pag-angkat na isinumite ng may-ari ng karapatan, at ipapaalam sa kasulatan ang resulta noon (sanggurian ang 4. sa ibaba).

(2) Kung magpapahayag na lalaban

Kung magpapahayag na hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat ang kargada (kung magpapahayag na lalaban), mangyaring ipadala sa [Para sa pakikipag-ugnayan] na nakasulat sa ibabang bahagi ng Notipikasyon ng Pagsisimula sa koreo ang kasulatan ng pahayag na lalaban (sanggurian ang nakasulat sa ibaba), para makarating ito sa customs sa loob ng 10 araw (Liban sa Sabado, Linggo at mga holiday.) mula sa araw na inyong natanggap ang Notipikasyon ng Pagsisimula (Huwag ninyong ilakip ang ipinadala sa inyong Notipikasyon ng Pagsisimula mula sa customs, kundi itabi ito para sa inyong sarili.).

Ibubunyag naman sa may-ari ng karapatan ang isinumiteng kasulatan ng pahayag na lalaban.

(Paunawa) Kung nagsumite ng kasulatan ng pahayag na lalaban lamang maaaring magsumite ng kasulatan ng opinyon / ebidensya. Kapag hindi nagsumite ng kasulatan ng opinyon / ebidensya, lalaki ang posibilidad na maberipikang sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian (sanggurian ang 3. sa ibaba tungkol sa kasulatan ng opinyon / ebidensya).

Maaari ring isumite ang kasulatan ng opinyon / ebidensya kasama ng kasulatan ng pahayag na lalaban.

[Tungkol sa Kasulatan ng Pahayag na Lalaban]

Mangyaring isulat sa wikang Hapon ang mga sumusunod na bagay-bagay sa anumang format, at ipadala ito sa koreo sa customs.

- Araw ng paglikha ng kasulatan
- Inyong pangalan at furigana nito, address at numero ng telepono
- Numero ng Notipikasyon ng Pagsisimula (numerong nasa kanan sa itaas ng Notipikasyon ng Pagsisimula, hal. 123A-12345)
- Tekstong nagpapahiwatig na "Lalaban dahil hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat"

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga bagay na naberipikang hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat at maaaring iangat, ayon sa resulta ng Proseso ng Beripikasyon.

[Bagay na Maaaring Iangat Kapag Naberipikang Hindi Sumasailalim sa Kargadang Ipinagbabawal na Iangat]

- 1) Tungkol sa patent rights, utility model rights, breeder's rights o layout-designs of integrated circuits rights, mga bagay na hindi iniaangkat bilang negosyo
- 2) Tungkol sa design rights at trademark rights, mga bagay na hindi iniaangkat bilang negosyo, at hindi rin bagay na dinala papasok sa Japan ng ibang tao mula sa ibang bansa bilang negosyo ng taong nasa ibang bansa
- 3) Tungkol sa copyright at related rights, mga bagay na hindi iniaangkat sa layunin ng distribusyon nito sa loob ng Japan

(Paunawa) Para sa pagpasya kung natutugma o hindi sa "bilang negosyo" sa 1) at 2) na nasa itaas, o sa "layunin ng distribusyon" sa 3) na nasa itaas, komprehensibong isasaalang-alang ang iba't ibang kalagayan tulad ng layunin ng pag-angkat, hanapbuhay o nilalaman ng negosyo ng taga-angkat atbp. at ng taong nagpadala ng kargada, nilalaman ng transaksyon ng pag-angkat, dami at kalagayan ng kargadang iniangkat, nakaraang rekord ng pag-angkat at rekord ng pagsisimula ng Proseso ng Beripikasyon atbp. Samakatuwid, hindi kaagad na hahatulang natutugma o hindi sa "bilang negosyo" o "layunin ng distribusyon" kung isa o higit sa isa ang dami ng kargadang iniangkat, kundi kahit isa lamang ang

natuklasang kalakal na pinaghihinalaang lumalabag, ipapatupad ang Proseso ng Beripikasyon, at pagpapasyahan batay sa isusumiteng ebidensya, opinyon atbp.

- 4) Mga bagay na iniaangkat nang may pahintulot ng pag-angkat mula sa may-ari ng karapatan
- 5) Mga parallel import goods na may kinalaman sa trademark rights atbp.
- 6) Iba pang bagay na hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian

(3) Pagpapadala ng Notipikasyon ng Deadline

Matapos matanggap ang kasulatan ng pahayag na lalaban sa (2) sa itaas, magpapadala ang customs ng Notipikasyon ng Deadline kung saan nakasulat ang (a) deadline kung kailan maaari kayong magsumite ng ebidensya at magsaad ng opinyon tungkol sa hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat, at kung igigiit ninyong hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat, ang (b) paghiling na magsumite ng dokumentong nagpapatunay noon at (c) pagsusumite rin ng dokumentong nakasalin sa wikang Hapon para sa mga dokumentong hindi nakasulat sa wikang Hapon.

3. Tungkol sa Pagsusumite ng Kasulatan ng Opinyon / Ebidensya

Mangyaring ipadala sa koreo ang kasulatan ng opinyon (sanggurian ang nasa ibaba) kung saan nakatala ang mga dahilan kung bakit hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat (hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian) at ebidensyang nagpapalinaw noon (sanggurian ang nasa ibaba) sa [Para sa pakikipag-ugnayan] na nakasulat sa ibabang bahagi ng Notipikasyon ng Deadline nang hindi lalampas sa deadline na nakasulat sa Notipikasyon ng Deadline sa 2. (3) na nasa itaas (Huwag ninyong ilakip ang ipinadala sa inyong Notipikasyon ng Pagsisimula o Notipikasyon ng Deadline mula sa customs, kundi itabi ito para sa inyong sarili.).

Kahit kung isamang isulat sa kasulatan ng pahayag na lalaban ang opinyon kung saan nakalahad ang dahilan kung bakit hindi sumasailalim sa kargadang ipinagbabawal na iangat, at isumite iyon kasama ng ebidensyang nagpapalinaw noon, makatanggap kayo ng Notipikasyon ng Deadline, ngunit kung walang idadagdag na opinyon / ebidensya, hindi kailangang isumite ulit ang pareho sa inyo nang naisumite.

Hindi naman nangangahulugang siguradong maiaangkat ang kargada kapag nagsumite ng kasulatan ng opinyon / ebidensya. Dagdag dito, ibubunyag sa may-ari ng karapatan ang isinumiteng kasulatan ng opinyon / ebidensya (Ibubunyag sa inyo ang kasulatan ng opinyon / ebidensyang isinumite ng may-ari ng karapatan.).

[Tungkol sa Kasulatan ng Opinyon]

Mangyaring isulat sa wikang Hapon ang mga sumusunod na bagay-bagay sa anumang format, at kasama ng ebidensya, ipadala ito sa koreo sa customs.

- Araw ng paglikha ng kasulatan
- Inyong pangalan at furigana nito, address, numero ng telepono at hanapbuhay
- Numero ng Notipikasyon ng Pagsisimula (numerong nasa kanan sa itaas ng Notipikasyon ng Pagsisimula, hal. 123A-12345)
- Pangalan ng produkto, bilang ng mga produkto
- Dahilan kung bakit hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian

[Tungkol sa Dahilan Kung Bakit Hindi Lumalabag sa Intelektwal na Ari-arian]

Maipapalagay ang mga sumusunod na halimbawa ng dahilan kung bakit hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian, ayon sa nilalaman ng intelektwal na ari-ariang nakasulat sa 5. sa Notipikasyon ng Pagsisimula.

- 1) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi bagay na iaangkat bilang negosyo, at hindi dinala papasok sa Japan bilang negosyo ng taong nasa ibang bansa"

Mangyaring isulat nang kongkreto ang layunin ng pag-angkat ng kargada, inyong hanapbuhay at nilalaman ng transaksyon ng pag-angkat (kung saan binili, halagang binayad para sa pagbili, paraan ng pagbabayad atbp.), pangalan o pantawag na pangalan, hanapbuhay o negosyo ng taong nagpadala ng kargada.

(Sakop: design rights, trademark rights)

- 2) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi bagay na iaangkat bilang negosyo"

Mangyaring isulat nang kongkreto ang layunin ng pag-angkat ng kargada, inyong hanapbuhay at nilalaman ng transaksyon ng pag-angkat (kung saan binili, halagang binayad para sa pagbili, paraan ng pagbabayad atbp.).

(Sakop: patent rights, utility model rights, breeder's rights, layout-designs of integrated circuits rights)

3) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi pag-angkat sa layunin ng distribusyon"

Mangyaring isulat nang kongkreto ang layunin ng pag-angkat ng kargada, inyong hanapbuhay at nilalaman ng transaksyon ng pag-angkat (kung saan binili, halagang binayad para sa pagbili, paraan ng pagbabayad atbp.).

(Sakop: copyright at related rights)

4) Kung igigiit bilang dahilan na "natamo ang pahintulot tungkol sa pag-angkat ng kargada mula sa may-ari ng karapatan"

Mangyaring isulat nang kongkreto ang tungkol sa natamong pahintulot mula sa may-ari ng karapatan.

(Sakop: lahat ng karapatan sa intelektwal na ari-arian)

5) Kung igigiit bilang dahilan na "lehitimong parallel import goods"

Mangyaring isulat nang kongkreto na natutupad ang mga kailangang kondisyon (sanggurian ang nasa ibaba) para maging lehitimong parallel import.

(Sakop: patent rights, utility model rights, design rights, trademark rights)

6) Kung igigiit na "hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian" sa iba pang dahilan

Mangyaring isulat nang kongkreto ang dahilan kung bakit hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian.

(Sakop: lahat ng karapatan sa intelektwal na ari-arian)

[Tungkol sa Ebidensyang Magpapalinaw na Hindi Lumalabag sa Intelektwal na Ari-arian]

Mangyaring magsumite ng ebidensyang susuporta ayon sa dahilan kung bakit igigiit na hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian. Kahit igiit na hindi lumalabag, dahil magkukulang ng batayan para sa iginigiit na iyon kung hindi nagsumite ng ebidensya, mangyaring isaisip na maaaring maberipikang sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian.

Maipapalagay ang mga sumusunod na halimbawa ng ebidensyang magpapalinaw na hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian, ayon sa dahilang igigiit (Maaari ang kopya ng alinman dito.).

1) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi bagay na iaangkat bilang negosyo, at hindi dinala papasok sa Japan bilang negosyo ng taong nasa ibang bansa"

(a) Email, sulat atbp. ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ninyo at ng taong nagpadala ng kargada

(b) Materyales na nagpapakita ng hanapbuhay ninyo at ng taong nagpadala ng kargada

(c) Materyales na nagpapakita kung saan ginagamit o layunin ng paggamit ng kargadang iniangkat

(d) Dokumento ng identipikasyon ninyo at ng taong nagpadala ng kargada

2) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi bagay na iaangkat bilang negosyo"

(a) Materyales na nagpapakita ng hanapbuhay ninyo

(b) Materyales na nagpapakita kung para saan ginagamit o layunin ng paggamit ng kargadang iniangkat

(c) Dokumento ng identipikasyon ninyo

3) Kung igigiit bilang dahilan na "hindi pag-angkat sa layunin ng distribusyon"

(a) Materyales na nagpapakita ng hanapbuhay ninyo

(b) Materyales na nagpapakita kung para saan ginagamit o layunin ng paggamit ng kargadang iniangkat

(c) Dokumento ng identipikasyon ninyo

4) Kung igigiit bilang dahilan na "natamo ang pahintulot tungkol sa pag-angkat ng kargada mula sa may-ari ng karapatan"

Kasulatan ng pagsang-ayon sa pag-angkat ng may-ari ng karapatan

5) Kung igigiit bilang dahilan na "lehitimong parallel import goods"

Materyales na nagpapakita na lehitimong parallel import goods (Sanggurian ang nasa ibaba.)

6) Kung igigiit na "hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian" sa iba pang dahilan

Materyales na nagpapakita na hindi lumalabag sa intelektwal na ari-arian

[Tungkol sa Lehitimong Parallel Import Goods]

1) Pangangasiwa sa parallel import goods na nauugnay sa trademark rights

Kahit gawain ng pag-angkat ng taong hindi ang may-ari ng trademark rights ng bagay na natatakan ng parehong trademark sa nakarehistrong trademark ng kalakal na pareho sa nakatalagang produkto ng

trademark rights sa Japan, maaaring ituring na lehitimong parallel import goods at iangat ang kinauukulang kalakal kung napatunayan ninyong natutupad ang lahat ng sumusunod na (a) hanggang (c).

(a) Kung bagay na lehitimong natatakan ng kinauukulang trademark ng taong tumanggap ng pahintulot ng paggamit mula sa may-ari ng trademark rights sa ibang bansa o kinauukulang may-ari ng trademark rights

(b) Kung bagay na nagpapakita ng parehong pinagmulan sa nakarehistrong trademark ng Japan ang kinauukulang trademark, dahil pareho sa may-ari ng trademark rights sa Japan ang may-ari ng trademark rights sa kinauukulang ibang bansa o may kaugnayang maaaring kilalanin bilang parehong tao sa legal o pinansyal na pananaw

(c) Kung nasa katayuang direkta o di-direktang maisasagawa ng may-ari ng trademark rights sa Japan ang pamamahala sa kalidad ng kinauukulang kalakal, at matatasang walang pagkakaiba sa katunayan sa kalidad na sinisiguro ng kinauukulang nakarehistrong trademark sa pagitan ng kinauukulang kalakal at ng kalakal na natatakan ng nakarehistrong trademark ng may-ari ng trademark rights sa Japan

2) Pangangasiwa sa parallel import goods na nauugnay sa patent rights

(a) Kung ang patentadong produktong legal na inilabas sa merkado sa ibang bansa ng may-ari ng patent rights sa Japan o taong maaaring kilalanin bilang pareho rito (Tatawaging "may-ari ng patent rights atbp." mula rito.) ay iaangkat ng taong hindi ang may-ari ng patent rights o ang may-ari ng karapatang mag-angkat ng kinauukulang produkto, at napatunayan ninyong hindi sumasailalim sa alinman sa sumusunod na (i) at (ii), maaaring ituring na lehitimong parallel import goods at iangat ang kinauukulang produkto.

(i) Kapag transferee ang taga-angkat, kung may kasunduan sa pagitan ng may-ari ng patent rights atbp. at transferee na hindi isasama ang Japan sa pagtitindahan o lugar na paggagamitan tungkol sa kinauukulang produkto

(ii) Kapag third party na pinagkalooban ng transferee ng patentadong produkto at sumunod na nagkamit noon ang taga-angkat, kung nagkasunduan sa pagitan ng may-ari ng patent rights atbp. at transferee na hindi isasama ang Japan sa pagtitindahan o lugar na paggagamitan tungkol sa kinauukulang produkto, at malinaw na ipinakita iyon sa kinauukulang produkto

(b) Sa (a) na nasa itaas, tinutukoy ng materyales para makumpirmang nagkasunduan sa pagitan ng may-ari ng patent rights atbp. at transferee na hindi isasama ang Japan sa pagtitindahan o lugar na paggagamitan tungkol sa kinauukulang produkto, ang kontrata o dokumentong katumbas nitong materyales kung saan maaaring kumpirmahin na may kasunduan na hindi isasama ang Japan sa pagtitindahan o lugar na paggagamitan.

(c) Sa (a)-(ii) na nasa itaas, tinutukoy ng "malinaw na ipinakita iyon sa kinauukulang produkto" na ipinapakitang hindi kasama ang Japan sa pagtitindahan o lugar na paggagamitan tungkol sa kinauukulang produkto sa anyong madaling mauunawaan kapag binigyan ng karaniwang pansin, mula sa pag-ukit o pagtatak, paglimbag, sticker, nakakabit na tag atbp. sa mismong produkto o balot nito, sa oras ng transaksyon ng kinauukulang produkto, at maaaring kumpirmahin sa oras ng pag-angkat na ipinapakita iyon sa oras ng transaksyon ng kinauukulang produkto.

3) Pangangasiwa sa parallel import goods na nauugnay sa utility model rights / design rights

Alinsunod sa patent rights sa 2) na nasa itaas.

4. Pagpapaalam ng Resulta ng Beripikasyon

Batay sa isinumite ninyong kasulatan ng opinyon / ebidensya at isinumiteng kasulatan ng opinyon / ebidensya ng may-ari ng karapatan, beberipikahin ng customs kung sumasailalim o hindi sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian ang kargada, at ipapaalam ang resulta noon sa kasulatan.

Kung naberipikang sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian, hindi maaaring iangat ang kargada. Kung naberipikang hindi sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian, maaaring iangat ang kargada.

5. Tungkol sa Kusang Pagpoproseso

Hanggang makumpiska ng customs ang kargada, maaari ninyong gawin ang sumusunod na "kusang pagpoproseso."

(1) Pagbabasura o pagwasak

Maaaring kayo mismo ang magbasura o magwasak sa kargada sa harap ng opisyal ng customs, o hilingin ninyo ito sa broker ng customs o international courier.

(2) Pagbabago sa pamamagitan ng pagtanggap atbp. ng bahaging lumalabag o bahaging may panganib na lumabag sa intelektwal na ari-arian

Maaaring kayo mismo ang magtungo sa lugar na pinaglalaman ng kargada, at gawin ninyo ang pagbabago sa pamamagitan ng pagtanggap atbp. ng bahaging lumalabag o bahaging may panganib na lumabag (hindi maaari ang pagbabagong madaling ibalik sa dating anyo), o hilingin ninyo ito sa broker ng customs o international courier.

Kung maberipikang hindi sumasailalim sa kalakal na lumalabag sa intelektwal na ari-arian ang kargada pagkatapos itong baguhin, maaari itong iangat. Subalit hindi pinapayagan ang pag-angat ng bahaging tinanggal (tatak atbp.).

(3) Muling pagpapadala

Kung makapagtamo ng aprobasyon sa pagluluwas ayon sa Export Trade Control Order, maaaring muling ipadala (ipadala pabalik sa ibang bansa), ngunit kailangang kondisyon para sa aprobasyon sa pagluluwas ang pagsang-ayon ng may-ari ng karapatan.

Tungkol naman sa kargadang naberipikang lumalabag sa trademark rights, copyright o related rights, hindi aaprobahan ang pagluluwas.

(4) Pahintulot sa pag-angat mula sa may-ari ng karapatan

Kung nagtamo kayo ng pahintulot sa pag-angat mula sa may-ari ng karapatan, at isinumite ninyo ang kasulatan ng pagsang-ayon sa pag-angat sa customs sa [Para sa pakikipag-ugnayan] na nakasulat sa Notipikasyon ng Pagsisimula o sa Notipikasyon ng Deadline, maaari ninyong iangat ang kargada.

(5) Boluntaryong pag-aabandona

Maaaring abandonahin ang pagmamay-ari ng kargada sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng Kasulatan ng Boluntaryong Pag-aabandona (Customs Form C No. 5380) matapos itong sulatan ng mga kinakailangang bagay-bagay, sa [Para sa pakikipag-ugnayan] na nakasulat sa Notipikasyon ng Pagsisimula o sa Notipikasyon ng Deadline.

Kung may bagay kayong hindi maintindihan tungkol sa prosesong ito, mangyaring magtanong sa [Para sa pakikipag-ugnayan] na nakasulat sa notipikasyong ipinadala ng customs.